# 3 Sa Kaso ng Malalakas na Lindol Habang nasa Labas

## (1) Posibleng Peligro sa Labas at Paano Maiwasan ang Panganib

Isulat ang mga posibleng panganib habang kayo ay patungo sa paaralan at mga madalas binibisitang lugar.Isulat din ang mga pamamaraan upang maiwasan ang panganib sa pamamagitan ng paggamit ng larawan bilang inyong gabay.

| Lugar | Posibleng Panganib | Paano Maiwasan ang Panganib |
|---|---|---|
| Hal.) ○○ Estasyon | ・Naipit sa pagdaluhong ang mga tao palabas<br>・Bumagsak sa rail track | Pumunta sa katabing malaking poste o pumunta sa bukas na lugar at manatili doon habang huminto ang paggalaw. |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |









Larawang Kuha ni: Higashimatsushima City



Larawang Kuha ni: Urayasu City

### Pag-usapan natin ito!

Sa isinagawang survey tungkol sa kamalayan ng mga naninirahan sa prepektura (Mie Prefecture) kaugnay ng disaster prevention noong 2018, lumabas na mula sa 28.5% ay umakyat sa 44.3% ang porsyento ng mga sumagot na "May kamalayan ako sa krisis noong naganap ang Kalamidad sa Silangang Hapon ngunit nawawala ito sa paglipas ng panahon. Pero dahil sa madalas na paglindol nitong mga nakaraang taon ay lumawak muli ang aking kamalayan." Talakayin kung ano ang makakayang gawin ng mga high school student upang hindi mawala sa isip ng mga tao ang kamalayan sa krisis.

## (2) Ligtas na Lugar at Ruta ng Paglikas sa Paaralan

Isulat ang mga "lugar na maaaring ligtas" sa inyong lugar na malapit sa daanan tungo sa paaralan. Isulat din ang mga hakbangin na gagawin kapag huminto na ang pagyanig.


| Lugar | Bakit ko naisip na ito ay ligtas? | Mga aksyong gagawin kapag huminto na ang pagyanig. |
|---|---|---|
| Hal.) Paradahan ng pabrikang ○○ | Bukas na lugar na walang mga bagay sa paligid | Tumungo sa malapit na △△ Paaralang Elementarya |
| | | |
| | | |
| | | |

※Kung kayo ay nasa pampublikong sasakyan, suriin ang transportasyon na madalas mong ginagamit.

| Pangalan ng Pampublikong Transportasyon | Mga Hakbang na Gagawin Kung May LIndol | Mga aksyong gagawin kapag huminto na ang pagyanig. |
|---|---|---|
| | | |

**Pahiwatig** Kailangan mong baguhin ang inyong pag-iisip depende sa sakuna (Ligtas sa saan). Kapag ang tsunami ay parating, may dalawang hakbang ng preparasyon--proteksyunan ang inyong sarili mula sa paggalaw at lilikas kaagad sa mataas na lugar.






**Mga Kaakibat na Hakbang** Ang komunikasyon ay limitado sa panahon ng malalaking sakuna. Gamitin ang Disaster Emergency Message Dial (171). Pag-usapan ninyo ng inyong pamilyana magtalaga ng lugar na lilikasan at ang pamamaraan ng paglikas.

## (3) Sa Kaso ng Malalakas na Lindol Habang nasa Labas

Ano ang inyong gagawin kapag nagkataon na nagkaroon ng malakas na lindol sa lugar na hindi mo lubos na kabisado (hal. Sa oras ng field trip at curriculum activity)? Isipin ang tungkol sa mga bagay na maaaring mangyari hanggang makarating ng ligtas sa bahay.